

# 1

Kanina pa palinga-linga ang fifteen-year-old na si Carina. Sa likod niya ay hindi na niya matanaw ang mataas na konkretong gate na pinasukan nila. Labinlimang minuto na silang nagpapaikut-ikot sa sementadong kalsada, pero ni isang istruktura ay wala pa rin siyang matanaw. Sa kaliwa at kanan niya ay nagtataasan at naglalakihang puno ang kanyang nakikita.

Kalmado lang na nakaupo sa kanyang tabi sa loob ng lumang *Cadillac* convertible ang kanyang Tiya Ana. Ang driver ay tahimik lang na nagmamaneho at hindi nakikisali sa kanilang usapan.

“Malayo pa ba tayo, Tiya?” aniya. Naiinip na talaga siya. Pagpasok pa lamang nila sa malaking gate kanina ay sinabi na nitong nasa loob na sila ng lupain ng mga Montgomery.

Sumulyap sa kanya ang matanda. “Malayu-layo pa tayo, Carina. Maghintay ka lang.”

Malayo pa raw? Napanganga siya habang muling pinagmasdan ang kanilang dinaraan. Gaano ba kalawak ang lupain ng mga taong nakatakda niyang

pagsilbihan? Mukhang kalahati na ng bayan ng Silang ang sakop ng pag-aari nito.

Sumandal siya at tumahimik na lang sa upuan. Sinundo siya ng kanyang tiya sa terminal ng bus sa Pasay upang isama sa pinapasukan nito. Bakasyon kasi noon sa eskuwela at nakiusap siya kung puwedeng mag-sideline bilang katulong sa pamilyang pinagsisilbihan nito. Gusto kasi niyang makaipon para makapagpatuloy ng pag-aaral. Mahirap lang ang pamilyang iniwan niya sa Bicol.

Napahikab siya. Ilang oras na silang bumibiyahе at namamanhid na ang puwitan niya sa kauupo. Kung alam lang niyang ganito pala kalayo sa kabihasan ang mansyon na pinapasukan ng kanyang tiya, itinulog na lang sana niya ang buong durasyon ng kanilang biyahе.

Hindi niya alam na naidlip na siya. Naramdaman na lang niya ang tapik ng kanyang tiya sa kanyang balikat niya.

“Narito na tayo, Carina.”

Tumuwid siya ng upo at kinusot ang mga mata. Napasinghap siya sa kanyang nakita.

Hindi na sila napapaligiran ng puno. Sa halip, tumatawid sila ngayon sa isang malawak na grassfield

rich with patches of wild purple and white periwinkles, violets, pink hibiscus and yellow stargazers.

Ngunit hindi lang iyon ang kumuha ng pansin niya.

“Iyon na ba ang mansyon, Tiya?” tanong niya sa katabi.

“Iyan ang *Montgomery Manor*, Carina,” pagtatama nito.

*Montgomery Manor... wow!*

Sa itaas ng isang mababang burol, naroon at nakatayo ang majestic *Montgomery Manor*, isang kastilyong animo bigla na lang umusbong mula sa lupa.

Ibinaba niya ang bintana ng sasakyan, and inhaled the sweet fragrance of the grass and the flowers carried by the chill breeze.

“Mataas na ang lugar na ito kaya’t malamig ang hangin,” dinig niyang paliwanag ng kanyang tiya. Tumango lang siya.

Ayaw niya munang makipag-usap. Mas masarap panoorin ang tanawin habang binabagtas nila ang daan patungo sa manor.

Tumawid sila sa isang moat at derecho sa paakyat na daan. Pumasok ang sasakyan sa isang nakaarkong lagusan tagos sa mataas at makapal na hedge na nagsilbing bakod ng manor. Bumungad sa kanya ang isang cobblestoned courtyard. May malaking fountain sa gitna ng malawak na paseo. Dalawang estatwa ng magkayakap na anghel ang nasa gitna naman ng fountain. Dumadaloy ang tubig sa malaking pitsel na bitbit ng dalawa at pumupuno sa pinaka-base nito.

Huminto ang sasakyan sa tapat ng double doors na doble yata ng height niya ang taas. Nang tumingala ang dalagita ay nalula siya sa taas ng mismong manor. Pulos higante ba ang mga nakatira roon?

“Halika na sa loob, Carina. Baka naghihintay na ang Condessa,” aya ni Tiya Ana. Napilitan siyang kumilos.

Kahit malapad at mataas ang double doors ay hindi iyon umingit nang buksan. At hindi rin iyon kasing-bigat gaya ng iniisip niya.

Tumambad sa kanya ang isang malawak na foyer. Doon pa lamang ay halata na ang karangyaan ng nagmamay-ari ng manor. Naka-display sa magkabilang dingding ang sari-saring mamahaling paintings. Sa isang sulok ay sets ng iba’t ibang laking vases na may kakaibang prints.

“Nakabalik ka na pala, Ana.”

Isang matandang lalaki na nakasuot ng ternong amerikana with matching bowtie and polished black shoes, ang sumalubong sa kanila.

“Señor Dante.”

Tumungo nang bahagya ang kanyang tiya.

“Siya ba si Carina?”

Sumulyap ito sa kanya. Napilitan siyang gayahin ang ginawa nito.

“M-magandang hapon po, Señor.”

Ni hindi ito ngumiti. Itinaas lang nito nang kaunti ang suot na salamin at nanunuri ang tinging iginawad sa kanya.

“Nasa library si Condesa Sofia. Kanina pa niya kayo hinihintay.”

He beckoned them to follow him. Ni hindi makapag-concentrate si Carina sa dinaraan. Dahil umiikot ang kanyang mga mata sa paligid. Para siyang na-transport sa ibang panahon. Everything around her looked old and eerie.

Bahay ba itong pinasok nila o museum?

Tumigil sila sa tapat ng isang nakapinid na pinto. Binuksan iyon ni Señor Dante.

“Condesa Sofia, narito na po sina Ana.”

Umikot ang mataas na silyang nakaharap sa malaking fireplace na wala namang nakasinding apoy. Isang matandang babae ang nakaupo roon.

Base sa features nito, sa ash gray na mga mata, sa prominenteng cheekbones, aquiline nose at mamulamulang kulay ng balat, sigurado siyang hindi ito purong Filipina.

Ang kaharap ay nakasuot ng isang ankle-length black dress, closed neck ang ruffled collar at mahaba ang mga manggas. Sa leeg nito ay nakasabit ang isang kuwintas na may malaking diamond pendant. Isang pares naman ng diamond earrings ang nasa magkabilang tainga nito, and a solitaire diamond ring was on her finger. No doubt, the jewelry alone cost a fortune.

Tumayo si Condesa Sofia. Matangkad ito nang ilang pulgada kaysa kay Carina. And she already stood five feet two inches tall. The old lady had a very stern look on her face. Napahawak siya sa braso ng kanyang tiya dahil sa di-maipaliwanag na takot na naramdaman.

“Iwan n’yo kami,” utos nito sa malamig na tinig. She felt a chill run down her spine. Bumulong sa kanya si Tiya Ana na sumagot daw siya nang maayos, bago ito sumunod sa matandang lalaki at lumabas ng library.

Hindi niya mapigil na pilipitin ang panyong hawak dahil sa kaba. Kung nagkataong papel iyon, malamang na nadurog na iyon sa kanyang mga kamay.

Naupo itong muli sa mataas na silya at tinitigan siya mula ulo hanggang paa. Hindi niya maiwasang manliit sa ginawa nito. And the old woman didn’t even invite her to sit down.

“Ano’ng pangalan mo?”

“A-ako po si C-Carina. Carina Valle po.”

Tumaas ang isang kilay nito.

“Ilang taon ka na?”

“F-fifteen po.”

Sandali itong tumahimik.

“Alam mo bang hindi ko ugaling tumanggap ng part-time na tauhan? Hindi ko gustong narito ka. Pero dahil matagal nang naninilbihan sa akin si Ana, at

dahil pamangkin ka niya, pumayag ako.” Nanunuot sa kaluluwa niya ang titig nito. “May mga kondisyon kung nais mong manatili rito nang ilang buwan. Handa ka na bang makinig?”

Hindi niya makuhang magsalita, kaya tumango na lang siya.

“Narito ka bilang isang katulong. Ang sala, ang foyer at ang kusina lang ang maaari mong linisin. Hindi ka maaaring pumasok sa mga silid sa itaas nang hindi kasama si Dante. Hindi ka rin maaaring pumasok at manatili dito sa loob ng library. Maaari kang mag-ikot sa courtyard at sa likod-bahay, pero hindi kailanman sa hardin. At lalong hindi mo p’wedeng puntahan ang tore.”

Ang daming bawal!

Naguguluhan siya at gusto niyang magtanong. Pero nang muli siyang tingnan ng matandang babae ay umurong ang kanyang dila.

“Nagkakaintindihan ba tayo, Carina?”

“O-opo,” alanganin niyang sagot.

“Isang bagay pa.”

Bawal na naman?



“Hindi mo maaaring ikuwento sa iba ang lugar na ito. Anuman ang makita’t maranasan mo, maiiwan iyong lahat dito pag-alis mo. Maliwanag ba?”

Again, she could only nod. Hindi siya nito tinanong kung may bagay bang hindi niya naintindihan. O kung may nais siyang liwanagin. Kaagad siyang pinalabas ni Condesa Sofia nang masabi na nito ang lahat ng gustong sabihin.

---

“Bakit ganoon, Tiya? Ang daming ipinagbawal ni Condesa Sofia sa akin. Ganoon din ba ang sinabi niya sa iyo noon?” pangungulit ni Carina sa tiyahin. Nasa loob na sila ng silid na pagsasaluhan nila. In fairness, maganda ang accommodation para sa mga tauhan ng *Montgomery Manor*. Ang silid nila ay malaki pa kaysa sa buong bahay nila sa Bicol.

“Oo, ganoon talaga ang Condesa.”

“Pero bakit?”

“Carina, nakita mo ang hitsura ng Condesa. At ito pa lang lugar na ito’y malaking kayamanan na. Natural lang na pagbawalan niyang pumasok na lang kung saan-saan ang mga katulong niya. Mahirap nang magtiwala.”

“Eh, bakit pati sa garden, bawal din? Ano ba ang p’wedeng nakawin doon? Puro ginto ba ang mga bulaklak d’on?”

“Hay naku! Ikaw talagang bata ka, puro ka kalokohan!”

“Nakaka-curious lang kasi, Tiya.”

“Carina, binabalaan kita! Iwas-iwasan mo ang pagiging pakialamera’t usyosera mo dito. Huwag mo akong ipapahiya. Kung hindi’y... naku... higit pa sa kurot sa singit ang ibibigay ko sa ’yo!”

Napahagikgik siya. Kilala kasi nitong masyadong malakas ang curiosity niya sa mga bagay-bagay. At iyon ang dahilan kung bakit libong ulit niya itong kinulit na pakiusapan ang mga amo na i-hire siya pansamantala.

“Pero seryoso na ’to, Tiya. Bakit nga kahit sa garden, bawal tayong pumunta? Ano ba ang mayroon doon?”

“Aba’y malay ko. Hindi rin ako p’wedeng pumunta doon, di ba? Si Señor Dante lang ang p’wedeng pumasok doon.”

“Kaanu-ano ba ni Condesa Sofia si Señor Dante? At saka, ano ba ang posisyon niya dito?”

Nagkibit-balikat ang kausap. “Hindi ko alam kung ano ang kaugnayan ni Señor Dante sa Condesa. Pero siya ang mayordomo dito sa buong manor. At sa kanya kami nagre-report.”

Tumangu-tango siya.

“Bakit nga pala ‘Condesa’ ang tawag sa kanya? Dugong- bughaw ba siya?”

“Ang nasirang asawa niya ang dugong-bughaw. Sa pagkakaalam ko, isang konde sa Inglatera ang asawa ni Condesa Sofia.”

“Sa England?” Halos lumuwa ang mabilog na niyang mga mata. Ganoon siya kapag napupukaw ang interes sa isang bagay. “Bakit dito sa Pilipinas sila nakatira?”

“Hindi ko alam ang buong kuwento.”

Ngumuso siya na parang bata. “Nakakabitin ka namang magkuwento, Tiya!”

“Aba’t...! Tigilan mo na nga ang katatanong sa akin, bata ka! Matulog ka na at baka tanghaliin ka pa ng gising bukas.”

“Isa na lang tanong, Tiya.”

Pinamaywangan siya nito. “Matulog ka na!”

Humiga na ito sa kama at tinalikuran siya. Naiinis na nahiga na rin siya. Pero hindi talaga siya mapalagay.

“Tiya, may multo ba dito?”

“Carina!” Halatang iritado na rin ang matanda.

“Opo, matutulog na.” Tumagilid din siya at nagtalukbong ng kumot.

---

“Tama po bang hayaan nating manatili dito ang pamangkin ni Ana? Mukhang likas ang curiosity sa batang iyon,” saad ni Dante. Nasa loob ito ng silid ni Condesa Sofia.

“Matagal na nating tauhan si Ana. At may tiwala ako sa kanya. Subaybayan mo na lamang ang bata, Dante. Siguruhin mong hindi siya makakapasok sa hardin o sa tore.”

“Kayo po ang masusunod.”

“Dinalhan mo na ba ng pagkain si James?”

“Tapos na pong kumain ang Señorito.”

Tumayo ang matandang babae mula sa kinauupuan nito sa harap ng dresser. Nakalugay na ang puting buhok nito at nakasuot na rin ito ng

makapal at mahabang nightgown. Sumampa ito sa queen-sized four-poster bed.

“Kung ganoo’y maaari ka nang magpahinga, Dante,” pagdi-dismiss nito sa mayordomo.

“Magandang gabi, Condesa.” The man bowed and left the room, closing the solid oak door behind him.

Habang naglalakad ay isa-isa nitong pinatay ang ilaw sa mga pasilyo. Tanging isang lampara na nakasabit sa dingding ng bawat pasilyo ang binuksan nito, bathing the whole house in soft, subdued light.

Sa labas, mistulang maninipis na ulap ang hamog na nakapaligid sa buong manor. Sa hardin, gumagapang ding parang usok ang mist, ikinukubli ang isang aninong natatakluban ng itim na cloak. Naglalakad ito papunta sa manor. Nang mapatapat ito sa isang shrub ng rosas ay pumitas ito ng isa. At bitbit ang bulaklak ay tumapat ito sa isang bahagi ng dingding na naghihiwalay sa garden at sa manor. May kinapa ito sa brick wall. Mayamaya pa’y isang lagusan ang nabuksan. Bumaba ang anino. The secret entrance sealed again and the shadowy figure disappeared from sight.

## 2

Maagang nagising si Carina kinabukasan. Unang araw niya sa trabaho at gusto niyang makagawa ng magandang impression lalo't halatang mahigpit ang amo niya.

Isinuot niya ang maid's uniform na iniabot sa kanya ng tiyahin. Medyo maluwag iyon sa kanya kaya nagmukha siyang mas mataba kaysa sa normal slim and sexy figure niya.

Pagkatapos magbihis at ayusin ang sarili ay nagmamadali siyang lumabas. Nasa kusina na ang kanyang tiya at ang iba pang katulong. Hustong kararating niya nang pumasok si Señor Dante.

Lahat sila ay bumati sa mayordomo. Matapos magbigay ng instructions sa iba ay siya naman ang binalingan nito.

“Sumunod ka sa akin.”

She glanced nervously at her aunt, who just nodded. Huminga siya nang malalim bago sumunod sa matandang lalaki. Pumunta sila sa sala.

“Araw-araw ay lilinis mo ang sala at ang foyer.

Pagkatapos noo'y maaari ka nang tumulong sa ibang katulong sa mga trabaho nila. O di kaya nama'y magpahinga."

Iyon lang ang trabaho niya? Ang maglinis ng foyer at sala?

"Tandaan mo lamang ang sinabi sa iyo ng Condesa. Huwag kang mag-alala, ako mismo ang mag-uutos sa 'yo kung kailangang linisin ang mga silid sa itaas. Maliwanag ba?"

Kimi siyang tumango.

"Señor, p'wede po bang magtanong?"

"Ano iyon?" seryosong usisa nito.

"A-ano po ba ang mayroon sa garden? Bakit hindi ako p'wedeng pumunta doon?"

Tumalim ang mga mata nito at lumapit sa kanya. Para tuloy gusto niyang pagsisihan na nagtanong siya.

"Isa ka lamang katulong sa pamamahay na ito. At katulad ng iba, ang trabaho mo lamang ay sumunod. Wala kang karapatang magtanong. Maliwanag ba?" anito. Kung maaari lang siyang tirisin nito, baka ginawa na ng mayordomo. "Hingin mo ang mga gamit panlinis kay Teresa."

“O-opo. S-sorry po.” She scurried like a scared rabbit. Ang lakas pa rin ng kaba niya habang kausap si Teresa.

Kalahating araw ang ginugol ni Carina sa paglilinis. Pagod na pagod siya pagkatapos.

“Tiya, p’wede ba akong mamasyal sandali sa likod?” paalam niya sa tiyahin habang tinutulungan itong maghugas ng pinggan.

“Wala na bang ibang iniutos sa ’yo si Señor?”

“Wala na po. Natapos ko na pong linisin ang pinalilinis niya.”

“O sige. Basta ba huwag na huwag ka lang pupunta sa garden, ha? Doon ka na lang sa pavilion. Mahangin doon.”

Itinago niya ang excitement sa tiyahin.

Nang matapos ang gawain ay lumabas na siya sa likod ng manor. Bumaba siya sa kongkretong hagdanan pababa sa cobbled pathway na gumigitna sa mga hanay ng sampaguita at jasmine shrubs. Sa kanyang kaliwa ay isang low-grown hedge na tumatabing sa laundry house. Sa kanan niya ay ang pabilog na pavilion na tinutukoy ng kanyang tiya. Sa tantya niya ay may limang dipa ang diameter



niyon. Anim na concrete pillars ang sumusuporta sa patulis at tisang bubong. Yari sa marmol ang sahig ng pavilion at marmol din ang upuang nakapaikot dito. Hindi mapigilang mapanganga ni Carina. Talagang napaka-extraordinary ng lugar na ito!

Naupo siya sa isa sa mga upuan. Mas maganda sana kung may bitbit siyang libro na puwede niyang mabasa habang nagpapahinga. Naalala niya ang wide collections ng reading material sa loob ng library. From ceiling to floor ang mga shelves na kinalalagyan ng iba't ibang klase ng libro. Sa isang bookworm na katulad niya, she could spent all day inside that room and read to her heart's content.

Pero off-limits siya roon.

*Siguro nama'y p'wede akong manghiram kahit isang libro kay Señor Dante.*

Napabuntong-hininga siya.

Inspired ng old English architecture ang *Montgomery Manor*. Yari sa tiled bricks ang pinakadingding nito. At present din ang mga low-grown shrubs at circular at cone-shaped hedges. May napansin siyang isang parang daan sa pagitan ng mga halaman. Patungo iyon sa moss-covered brick wall sa dulo. Pero wala naman siyang makitang lulusutan.

Umiral ang pagiging pasaway ni Carina. Sinundan niya ang daang iyon.

Pagdating sa dulo ay pulos nakaladlad na vines ang nakita niya. Pero nang hawiin niya iyon ay natuklasan niyang may isa pang pasilyo roon.

Baka iyon ang daan patungo sa garden!

Nag-pump up ang excitement sa kanyang buong katawan. What could be so special in that garden that must be hidden from them?

Nagpalinga-linga si Carina. Wala siyang nakitang ibang tao sa kanyang paligid. Wala naman sigurong magagalit kung sisilip lang siya sa pasilyong iyon.

Behind the moss-covered brick wall was another brick wall. Nagsilbing boundary ng pathway na nilalakaran niya ang dalawang pader. Kumpara sa una, medyo mababa ang inner wall at may wrought iron gate iyon sa pinakadulo. Hindi pa man siya nakakalapit ay tanaw na niya ang malaking padlock na nakakabit sa pinto.

Dahan-dahan siyang sumilip and what she saw almost made her scream. Hindi lamang basta garden ang nasa likod ng bakod. It could be a landscape artist's heaven!

Sari't sari ang makukulay na bulaklak na hindi niya kilala ang mga pangalan. Lots of flowering shrubs and trees lined the wall. Sa pinakagitna ng garden ay isang circular maze. Mula sa gate ay isang lane ang patungo sa entrada na nalilinyahan ng lollipop-shaped trees, conical hedges at bird topiary sa magkabilang tabi na animo guwardyang nagpupugay sa bawat magtatangkang pumasok sa maze. At sa pinakagitna ng maze ay isang mababang tore, probably two to three stories tall. Yari iyon sa bricks, may dalawang bintana malapit sa tuktok.

Titig na titig siya sa bintana ng tore, kaya nakita niyang kumilos ang isang anino. Bigla siyang napaatras. Sa takot ay dali-dali siyang lumabas sa pasilyong iyon. Hustong nakabalik siya sa pavilion nang lumabas ang mayordomo. Nagulat pa ito nang makita siyang nakaupo roon. May bitbit itong isang picnic basket.

Nilapitan siya nito. Hinawakan niya ang dibdib upang pigilan ang kaba.

“Tumakbo ka ba, Carina? Bakit mukhang hinihinal ka?”

“N-naku, hindi po. Napagod lang po siguro ako sa paglilinis kanina,” pagdadahilan niya na hindi masalubong ang mga mata nito. “Kailangan n’yo po

ba ng tulong? May ipag-uutos po ba kayo?”

Tinitigan siya nito. “Hintayin mo na lamang ako sa kusina. Magpapalit tayo ng kobrekama sa mga silid sa itaas.”

Tumango siya.

“Sige na, pumasok ka na sa loob,” utos nito.

“S-saan po kayo pupunta?”

A scowl appeared on his face. Bigla niyang naalala ang sinabi nitong wala siyang karapatang magtanong. Namula siya sa takot nang makitang gumuhit ang galit sa mga mata ng matanda.

“Ah... eh... s-sige po. P-papasok na po ako.” Kiming lumakad siya pabalik sa manor. Nang lingunin niya ito bago siya pumasok sa pinto ay nakita niyang naroon pa rin ito sa pavilion at nakatingin sa kanya. Nagmadali siyang pumasok at isinara ang pinto.

---

Saka pa lamang naglakad patungong garden si Señor Dante nang nakapasok na si Carina. Binuksan niya ang malaking padlock sa gate at pumasok. Tinawid niya ang lane papasok ng maze.

Kung ordinaryong tao ang papasok, tiyak aabutin

ng ilang oras bago marating ang tore o bago makita ang daan pabalik. Subalit dahil ilang dekada na rin siyang naninilbihan kay Condesa Sofia, kabisado na niya ang pasikut-sikot sa loob ng maze. It took him only five minutes to get to the tower.

Hindi na niya kailangang kumatok dahil alam naman ng nakatira roon na darating siya. Umakyat siya sa spiral na hagdanan. Bumungad sa kanya ang isang landing. Isang mesa, isang silya at isang pang-isahang kama lamang ang mga gamit na naroon. May ilang libro ang nakabukas sa ibabaw ng kama. Wala roon ang occupant ng kuwarto. Pero may narinig siyang lagaslas ng tubig sa adjacent room na nagsilbing banyo. Mayamaya pa'y lumabas na roon ang hinahanap.

“Narito na ang pagkain ninyo, Señorito James.”

“Salamat, Dante,” wika ng binata. Patuloy lang siya sa pagpupunas ng basang katawan.

Sumulyap uli sa mga libro ang matanda.

“Galing ka uli ng library kagabi?”

“Naiinip ako,” he said casually. Umupo siya sa silya at sinimulang kainin ang dala nitong pagkain.

“Alam mong ipinagbabawal ng Condesa na

pumasok ka sa manor. P'wede mo namang sabihin sa akin ang mga kailangan mo. P'wede ko iyong dalhin dito.”

Tumaas ang isang sulok ng kanyang bibig. “Nagkusa akong tumigil dito sa tore. Pero hindi ibig sabihin noon na p'wede n'yo na akong tratuhing parang preso.”

“Pero, Señorito...”

Padabog niyang ibinaba ang mga kubyertos. “I will go wherever I want to go. At walang p'wedeng pumigil sa akin. Sabihin mo iyan sa mahal na Condesa.” He said the last words with sarcasm. Natahimik ang mayordomo.

“Makakarating po, Señorito. Kung wala na kayong ipag-uutos pa, babalik na ako sa manor.”

“Wala na. Balikan mo na lamang ang mga ito mamaya,” tukoy ni James sa mga kubyertos.

Bitbit ang wala nang lamang picnic basket, bumaba si Dante at lumabas ng tore. Ilang minuto lang ay pabalik na ito sa manor.

As instructed, naghintay si Carina sa kusina. Tumawag pa ng isang katulong ang lalaki at isinama ang dalawa sa ikalawang palapag. Nakabantay siya

sa mga ito habang pinapalitan ng kobrekama ang lahat ng mga higaan sa mga silid. Hindi niya maialis ang tingin kay Carina. Halata ang curiosity sa mga mata nito. Kahit nag-co-concentrate ito sa trabaho, her eyes strayed elsewhere unconsciously.

Nagtagis ang mga bagang niya. Mukhang dapat niyang doblehin ang pagbabantay sa batang ito. Kailangan niyang maging maingat, kung hindi ay mabubunyag nang di-oras ang lihim na matagal nilang itinago.

---

Tahimik na nakahiga si James sa kama. Hindi mawala sa isip niya ang mga matang iyon. Those huge eyes full of bewilderment and curiosity. Umawang ang bibig nito nang makita ang garden sa ibaba. At tiyak niyang kung hindi lamang naka-lock ang gate ay nangahas na itong pumasok upang siyasatin ang paligid. And he'd bet she would enter the maze too!

Alam niyang pinagbabawalan ng lola niyang gumawi roon ang sinuman sa mga katulong. But the girl had the nerve! He'd love to see his grandmother's reaction kapag nalaman nitong may isang nangahas sumuway sa utos nito. Napangiti siya.

Bago lang ang dalaga. Dahil noon lang niya ito

nakita. Alam niya dahil kahit hindi alam ng iba sa manor ang existence niya, malaya niyang nakikita ang mga ito. Iyon lang ang ganda sa isang lumang istruktura katulad ng *Montgomery Manor*. Marami iyong sekretong itinatago.

Ang ngiti niya ay naging mapakla. Isa na siya sa mga sekretong iyon.

James closed his eyes. Awtomatikong kinapa niya ang mukha and grimaced at what he felt. At katulad ng dati ay bumabalik sa kanya ang pakiramdam na iyon, the scorching heat of the flame as it seared his skin, the acrid smell of burnt flesh penetrated his conscious mind. The pain was so real as if everything happened only yesterday.

His eyes flew open. Kahit gising siya ay bangungot na bumabalik sa kanya ang nangyari anim na taon na ang nakaraan.

Kung tutuusin ay kayang gamutin ng science ang deformity sa kanyang katawan. And he had the money to sustain it. Pero para ano pa? To the world, James Montgomery was already dead. At mananatili na iyong ganoon.

He stood up and looked outside. Alas seis na ng gabi at kumakalat na ang dilim sa paligid ng manor.



Ang dilim lamang ang maaaring magkubli sa kanya. Sa dilim lamang siya nagiging malaya.

He felt an excitement he had never felt before. At kahit maaga pa sa normal niyang paglabas ng tore ay kinuha niya mula sa sabitan ang itim na cloak at isinuot. Dali-dali siyang bumaba.

The chill summer air crept inside his thick robe. Sa taas ng lugar nila, kahit tag-init ay malamig sa balat ang hangin. He made his way through the maze and walked the lane toward the garden path. Gaya ng nakasanayan ay pumitas siya ng isang puting rosas sa shrub. Tumapat siya sa brick wall at kinapa ang lever, which opened the secret entrance door. Napangiti si James bago bumaba sa hagdanan papasok sa tunnel na patungo sa *Montgomery Manor*. Kaagad ding nagsara ang lagusan nang makababa siya.

Sandali munang sinanay ng binata ang mga mata sa bumabalot na dilim. Pagkatapos ay kinapa niya ang isang flashlight na nakatago sa isang guwang sa dingding. Kumalat ang mapusyaw na liwanag sa loob ng tunnel. Tiyak ang mga paang naglakad siya paloob.

Lingid sa kaalaman ng marami, sa ilalim ng *Montgomery Manor* ay series of tunnels na tumatagos mula sa garden papunta sa iba't ibang silid sa loob

*Secret Paradise - Doreen Laroya*

---

ng naturang tahanan. May isang palabas ng library, ang isa ay sa isang pasilyo sa second floor, isa rin sa kusina, at isa pa sa laundry house. May peephole na tanaw ang buong sala at mayroon din sa lahat ng silid ng manor.

Nang marating niya ang dingding na tumatagos sa sala ay huminto siya. Kinapa niya ang bato at dalawang butas ang lumabas. Sumilip siya roon. At tyempo namang nakababa na ang dalagitang natanaw niya kanina sa hardin.

# 3

Naramdaman ni Carina na tila may nagmamasid sa kanya pagkababa pa lamang niya ng hagdanan. Wala namang ibang tao sa sala at wala rin sa foyer. Si Teresa ay nasa itaas pa kasama ni Señor Dante. Nanindig ang balahibo niya sa batok at humigpit ang pagkakahawak sa bedsheets. Nang di-sinasadyang mapatingin siya sa dingding, napaatras siyang bigla at muntik nang mapasigaw. She'd swear kumurap ang mga mata ng babae sa malaking oil painting na nakasabit sa gitna!

Parang bata na kinusot niya ang mga mata. Nang muli niyang titigan ang antique French painting ay normal na iyong muli. Hindi pa nakontento, nilapitan niya iyon at pinakatitigan.

“Carina?” Muntik na siyang mapatalon sa gulat. Nalingunan niya si Señor Dante na kunot-noong nakamata sa kanya. “Ano’ng tinitingnan mo diyan?” tanong nito.

Kabadong pinaglipat-lipat niya ang tingin sa mayordomo at sa painting.

“Eh kasi po... ano... kasi...” Itinuro niya ang

painting. Lalong lumalim ang gatla nito sa noo.

“Ano ba ang problema mo diyan, bata ka?” Medyo iritado na ang tinig nito na lalong nagpakaba sa dalagita.

“W-wala po. B-baka namamalikmata lang ako,” sabi na lang niya at bumuntong-hininga. Baka nga pinaglalaruan lang siya ng imahinasyon niya. Walang maniniwala kapag sinabi niyang kumurap ang mga mata ng babae sa larawan. “S-sige po, dadalhin ko na ito sa laundry house.” Mabilis na siyang umalis sa harap ng mayordomo.

Kung lumingon lang sana siya, nakita niya kung paanong titigan din ni Señor Dante ang painting na kanina lang ay pinagtutuunan niya ng pansin. Malakas pa rin ang kabog ng kanyang dibdib kahit nang pumasok siya sa laundry house.

“Gumalaw talaga, eh! Nakita kong gumalaw!”

“Ang alin ang gumalaw?”

Napasigaw siya. Paglingon niya ay nasa likuran niya ang tiyahin.

“Tiya naman, bakit ba kayo nanggugulat?”

“Eh, bakit kasi kinakausap mo ang sarili mo diyan? At bakit namumutla ka? Para kang nakakita

ng multo.”

Nanayo muli ang balahibo niya sa batok.

“Naku, Tiya! Minumulto na nga yata ako.”

Iningusan lang siya nito.

“Totoo po! Alam n’yo ba ’yung malaking painting na nakasabit sa dingding sa sala? Nakita kong kumurap iyong mga mata n’ong babae!”

Nakapamaywang na tinaasan siya nito ng kilay.

“Hindi kayo naniniwala?”

“Eh, paano akong maniniwala? Painting iyon, Carina! Paanong gagalaw ang mga mata n’un?”

*Hello? Kaya nga multo!* gusto niyang sabihin sa tiyahin. Ngunit tiyak na makukurot na siya sa singit kapag sinagot niya ito nang pabalang.

“Alam mo, masyado nang malawak iyang imahinasyon mo. Kung anu-ano na lang ang iniisip mo.”

Gusto niyang dabugan ang matanda. Pero sino nga naman ang maniniwala sa nakita niya?

“Carina,” ani Tiya Ana na inakbayan siya at sabay silang bumalik sa kusina, “sa tagal ng panahong

nagtatrabaho ako dito, wala pa akong nakitang kababalaghan kagaya ng sinabi mo. Oo nga't luma ang lugar na ito, pero ako na ang nagsasabi, walang multo dito.”

Hindi na lamang siya kumibo. Pero alam niya kung ano ang nakita niya. At hindi siya namalikmata lang!

Samantala, tatawa-tawang lumabas si James sa lagusan sa library. Umupo siya sa mahabang couch na katapat ng fireplace. He'd never had fun like this in the last six years! And he had never felt so light-hearted.

“Hindi ka dapat nagpapakita nang ganoon sa isang katulong.”

Sa halip na lingunin ang nagsalita ay isinandal ng binata ang ulo sa sofa at pumikit.

“Sino ang baguhang iyon, Dante?”

Hindi ito sumagot. Dumilat siya at tinitigan ang mayordomo. “Tinatanong kita.”

“Pamangkin siya ng kusinerang si Ana, Señorito.”

Tumangu-tango siya, pleased with the information.

“Gaano katagal na siyang narito?”

“Kamakalawa lang. At hindi siya magtatagal.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kunot-noong tanong niya.

“Narito lamang siya dahil bakasyon sa eskuwela. Babalik din siya sa Bicol sa pasukan.”

Hindi maintindihan ni James kung bakit bigla siyang nalungkot dahil panandalian lang pala doon ang dalagita. “Ganoon ba?”

“Señorito...”

“Siyanga pala, titigil muna ako doon sa room ko sa itaas.”

The look that the old man gave him was one of shock.

“P-pero, Señorito...”

“Ano’ng problema, Dante?”

“Baka... may makakita sa inyo.”

“Ano’ng silbi ng mga lagusan? At isa pa, hindi ba’t wala namang umaakyat sa second floor maliban sa ’yo?”

Nag-isang linya ang mga labi nito, halatang nagpipigil lang ito na pagalitan siya.

“Hindi matutuwa ang Condesa kapag—”

“Bahay ko din naman ito, di ba? Sa pagkakaalam ko, karapatan ko pa din kahit ang matulog *lang* sa sarili kong silid.” He stressed the word ‘lang’. Waring napahiya naman si Dante. “Sabihin mo kay Lola kung gusto mo. Pero hindi pa rin magbabago ang gusto ko. Now, kung wala ka nang ibang sasabihin, gusto kong magbasa nang nag-iisa.”

Bago sumagot ang mayordomo ay ilang sandali muna nitong pinag-isipan ang kanyang sinabi. “Magandang gabi po, Señorito.” Yumuko ito bilang paggalang at saka umalis.

Nang mapag-isa ay kumuha ng isang libro sa shelf ang binata. Ngunit kahit paborito niya ang binabasa ay hindi siya makapag-concentrate. Sumisingit sa isip niya ang mukha ng dalagitang nakita kanina.

Hindi ito isang exotic beauty. And he wouldn't say she was sexy either. In fact, hindi pa fully developed ang katawan nito dahil may traces pa ng baby fats. But she had beautiful round eyes na may mahahabang eyelashes, and nice heart-shaped lips. Ilang taon pa'y lalabas ang natural nitong ganda. And he'd bet she'd turn heads when that happens.

Pamangkin daw ito ni Ana. At alam niya kung



aling silid ang inookupa nito. But it would be too dangerous para silipin niya ang bagong kasambahay. At hindi rin naman niya gugustuhing makita siya ng dalagita. For he was sure she would run away like a scared cat once she saw his face. He felt pain, like that of a needle pricking his heart.

---

Malalim na ang gabi ngunit hindi talaga makatulog si Carina. Gumugulo pa rin sa kanya ang nakita niya sa sala. And what added to her frustration was that, kahit ang tiya niya ay ayaw maniwala sa kanya.

Hindi siya isang ordinaryo at mahiyaing probinsyana. Bata pa siya ay likas na siyang interesado sa mga bagay-bagay. And her boldness often led her to trouble. Pero kahit aminado siyang pasaway siya, hindi naman siya sinungaling.

*Nakakainis!*

Padabog siyang bumangon. Tulog na tulog at naghihilik pa ang kanyang tiya. Nag-isip siya kung ano ang puwedeng gawin para antukin. Hindi na ubra sa kanya ang magbilang ng imaginary sheeps.

Naisip niyang manghiram ng libro sa library. Hindi naman magagalit si Señor Dante dahil hindi

nito malalaman. Ibabalik din niya iyon kaagad kapag inantok na siya.

Maingat niyang binuksan ang pinto at dahan-dahang lumabas. Malamig sa paa ang sahig na marmol, and the dim light illuminating the corridors casts daunting shadows na kung matatakutin ang isang tao ay iisiping multo iyon. At hindi rin nakakapanatag ang cold mist na nakapalibot sa manor na tanaw niya sa salaming bintana.

Carina hugged herself when she felt cold air creep in. Tinawid niya ang kusina, papasok sa dining room. Paglabas niya roon ay ang sala na. Ang kabilang corridor naman ang papunta sa library.

Palabas na siya ng dining room nang matigilan sa paglitaw ng isang anino sa pasilyo galing ng library. Nakasuot ito ng itim na cloak na may hood kaya hindi niya kita ang mukha. Pero base sa sandaling paghinto nito, she figured it saw her too.

She was too shock to even make a sound. She could feel the penetrating stare bore through her skin.

“S-sino ka?” tanong niya.

Hindi sumagot ang anino. Sa halip ay mabilis itong umakyat sa hagdanan. Parang noon lang nagising ang kanyang diwa.

“S-sandali!”

Pero hindi ito tumigil. She hurriedly followed him. Naakyat na niya ang huling baitang nang makita niya itong pumasok sa isang silid. Nagmadali siyang sundan pa rin ito. Pero nang pihitin niya ang seradura at buksan ang ilaw ng silid ay wala siyang nakitang tao sa loob.

Saan nagpunta iyon? Hinalughog niya ang bawat sulok ng silid, ang ilalim ng kama, ang loob ng closet at loob ng banyo. But the room was in every sense, unoccupied.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

Señor Dante’s furious voice filled the room. Napaatras siyang bigla sa takot.

“Tinatanong kita, Carina. Ano’ng ginagawa mo sa loob ng silid na ito?”

Nanginig ang mga tuhod niya. “M-may n-nakita po akong t-tao na pumasok dito,” pautal niyang paliwanag.

Lalong naningkit ang mga mata ng mayordomo sa galit.

“Anong tao ang pinagsasabi mo?”

“T-totoo po ang sinabi ko! Hindi po ako nagsisinungaling!” naiiyak niyang giit. “Papunta po sana ako sa library para manghiram ng libro...”

“Sa library? At mangangahas kang pumunta ng library kahit alam mong bawal?”

Parang maamong tupa na nagyuko siya ng ulo. “G-gusto ko lang po kasing manghiram ng libro. H-hindi po kasi ako makatulog.”

Narinig niyang nagbuga ito ng hangin.

“Makinig kang mabuti, Carina. Ito na ang una’t huling beses na makikita kitang sumusuway sa utos ng Condesa. Oras na makita pa kita sa alinmang lugar dito sa manor na hindi mo dapat puntahan, ako mismo ang maghahatid sa ’yo sa sakayan pabalik ng probinsya, naintindihan mo?”

Walang imik siyang tumango.

“Lumabas ka na!” utos ng matanda. “Bilis!” bulyaw nito nang makitang dahan-dahan lang ang paglalakad niya. Napilitan tuloy siyang tumakbo pababa sa hagdanan. Hinihinal siya nang makapasok muli sa kanilang silid. Mabilis siyang humiga sa kama, nagtalukbong ng kumot at mariing ipinikit ang mga mata. Unbelievably, the encounter made her drowsy. Wala pang limang minuto ay himbing na himbing na

siya.

---

“Masyado ka naman yatang naging rude kay Carina,” James said as he emerged from the secret door just beside the wardrobe cabinet. Nasa likod lamang siya ng dingding at dinig niya ang naging palitan ng usapan.

The old man snorted and crossed his brows.

“Nakita n’yo na kung ano ang kahihinatnan ng binabalak ninyong pananatili dito. Sanay pakaisipin n’yo muna ito nang libong ulit.”

Dante walked away without the customary farewell. Padabog din nitong isinara ang pinto ng kanyang silid.

Binalewala ni James ang outburst ng matandang lalaki. Hinubad niya ang cloak at nahiga sa malambot na kama. Iniunan niya ang ulo sa dalawang kamay. Ipinikit niya ang mga mata at ngumiti.

Carina...

He never expected their chance encounter. Sinadya niyang magpaabot ng hatinggabi sa library dahil ayaw niyang gamitin ang lagusan papunta sa kanyang silid. Akalain ba niyang masasalubong niya

ang dalagita paglabas niya ng pasilyo?

Matapang talaga ito. She didn't scream nor run away. Instead, nangahas pa itong sundan siya. Natuwa siya sa nakitang reaksiyon nito. Mukhang mas natakot pa ito sa mayordomo.

Gusto niya ang attitude ni Carina. In a way, pareho silang may rebellious streak sa katawan. Maybe one day, he would find the courage to befriend her. God knows nababagot na rin siya sa pag-iisa, sa voluntary solitary confinement na itinalaga niya sa sarili. Alam niyang hindi na siya makababalik pa sa ordinaryong mundong kinamulatan niya. But maybe, just maybe... he could see the world again through her eyes.

Bumalik sa isip niya ang sinabi kanina ni Carina. It seemed that they have another thing in common, aside from being stubborn. Voracious reader din ito katulad niya. No wonder, she had that nosiness about her.

Mukhang alam na niya kung paano makikipagkaibigan dito. Napangiti siyang muli at wala sa loob na hinimas ang baba. But when his finger strayed to his left cheek, nawala ang ningning ng kanyang mga mata. And the amused smile was replaced by a dour expression.